Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
DILG-NAPOLCOM CENTER, Quezon Avenue corner EDSA, Diliman, Quezon City
Telephone Numbers 928.91.81 • 925.11.53
www.dilg.gov.ph

BIYAHENG PINOY

SEPTEMBER 30, 2014

RELEASED
Signature Kayl
Date 9-30-2014
Control Number
RECORDS SECTION

MEMORANDUM SIRKULAR
BILANG 2014-128

PARA SA : LAHAT NG GOBERNADOR, ALKALDENG PANGLUNSOD, ALKALDENG PAMBAYAN, ANG DILG-ARMM PANGREHIYONG GOBERNADOR AT LAHAT NG PANGREHIYONG DIREKTOR NG DILG

PAKSA : WIKA NG SEGURIDAD NG KALIGIRAN

Ang Komisyon sa Wikang Filipino, sa pakikipagtulungan sa Panlalawigang Pamahalaan ng Albay, ay magdaraos ng pambansang seminar na *Wika ng Seguridad ng Kaligiran* na gaganapin sa Lungsod ng Legazpi, Albay, sa ika 21-23 ng Oktubre, 2014, sa Hotel Venezia, Lungsod ng Legazpi. Ang pambansang seminar ay naglalayon na maiparating at maging katuwang ang mga ahensiya at ibang instrumentalidad ng pamahalaan sa paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng seguridad ng kaligiran.

Dahil dito, hinihikayat ang mga Gobernador sa mga lalawigan at ang mga alkalde sa mga lungsod at bayan na magpadala ng kinatawan na dadalo sa nasabing gawain, sa opisyal na oras, at ang gastos sa pagbabayad ng rehistrasyon sa halagang Dalawang Libo at Limang Daang (PhP 2,500.00) piso para sa seminar kit, sertipiko, at pagkain ng mga kalahok sa lugar dausan ay manggagaling sa pondo ng pamahalaang local, na dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit, kasama rin dito ang panggastos ng kani-kanilang kinatawan para sa akomodasyon. Ang listahan ng mga maaaring tuluyan na malapit sa lugar dausan ay makikita sa pichebicol.org/wp-content/uploads/2013/01/hotels1.pdf.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring tawagan si Bb. Donata Galindes, sa Telepono Bilang (02) 516-0326, Mobile Bilang (0908) 2304475 o kaya sa email adres: leunam_r2000@yahoo.com o kaya si Bb. Lourdes Hinampas, sa Telepono Bilang (02) 736-2524 local 105, Mobile Bilang (0932) 6348721 o kaya sa email adres: jinghinampas@gmailcom. Maaari ring bisitahin ang kanilang website na kwf.gov.ph at sumulat sa komfil.gov@gmail.com para sa iba pang detalye.

Hinihikayat ang pakikipagtulungan ng mga Pangrehiyong Direktor ng kagawarang ito, pati ang DILG-ARMM Pangrehiyong Gobernador, para sa kagyat na pagpapapagalanap ng Memorandum Sirkular na ito.

MAR ROXAS
Secretary

DILG-OSEC OUTGOING 14-04631